

## Parangal kay Milagring

Minarapat kong ibahagi ang aking ala-ala kay Milagring sa ating wikang Pambansang Pilipino, sapagkat siya ang makata ng angkang Orosa. Siya ay sumusulat ng luwa, tulang nagpupuri ng ating Mahal na Birhen, kung pista ng bayang Taal. Siya ay nagturo kay Martin, apo ng yumao kong kapatid na si Augusto "Toto" Orosa. Nagkaroon ako ng pagkakataong marinig muli ang luwa na likha ni Milagring na binigkas ng isang dalagita na galing sa familyang Orlina.

Kahit ako ay nakauwi na sa Ohio, patuloy pa rin ang pag-babalitaan namin sa pamamagitan ng text at pagtawag. Ngunit mas gusto niyang magsulatan kami. Dahil ang kanyang Pilipino ay napakamalalim, lagi kong katabi and diksiyonaryong Ingles-Pilipino habang binabasa ang kanyang sulat at pagsagot sa kanya.

Ngayon, mayroon nang tumutula ng Pilipino sa langit, hindi lang kung Disyembre kundi tuwing nagbibigay puri siya sa Panginoon. Milagring, ang buhay mo ngayon ay ang buhay na walang hanggan. Ito rin and buhay na hinahangad namin. At balang araw, tayo ay magkikita muli. At maguusap tayo hindi sa text o sa telepono kundi magkaharap.

Dahil sa iyo, nagsimula uli ang aking pagmamahal sa ating sariling wika. Maraming salamat sa iyo Milagring.

Mario E. Orosa

June 22, 2014

On the occasion of Milagros O. Aliling 40th Day Passing  
New Manila, Philippines